Mga Tagubilin sa Pagboto sa Papel na Balota

Paano Markahan ang Iyong Papel na Balota:

- **Ganap na punan ang Obalo s**a kanan ng iyong pinili
- Kapag buboto sa Sentro ng Pagboto, gamitin ang pangmarka na ibinigay sa **Sentro ng Pagboto** upang markahan ang iyong balota
- Kapag buboto sa bahay, gumamit ng isang plumang may itim o asul na tinta. HINDI PULANG TINTA
- Huwag gumamit ng mga markang tsek, X, linya o bilog
- Walang personal na impormasyon o pagkakakilanlan na marka sa iyong Opisyal na Balota

Isinusulat-Lamang na Pagboto:

- Ilimbag ang pangalan ng kuwalipikadong isinusulat-lamang na kandidato sa blangkong espasyong inilaan
- Ganap na punan ang obalo sa kanan ng espasyo para sa isinusulat-lamang
- Huwag isulat ang pangalan ng isang kandidato na nakalimbag na sa balota



Iwasan ang Sobrang Pagboto. *Upang matiyak na isasama sa pagbilang ang iyong boto, huwag bumoto ng mas maraming kandidato kaysa ipinahihintulot para sa bawat labanan.*

Kung nakagawa ka ng **pagkakamali**, humiling ng isang pamalit na Balota o kung wala nang sapat na panahon upang makatanggap ng isang pamalit na balota sa pamamagitan ng koreo, maaari mong iwasto ito sa pamamagitan ng pag-cross out sa maling pinili at pagpuno sa tamang obalo gaya ng ipinakikita sa larawan.

Pagboto sa isang Sentro ng Pagboto:

- Madaling magamit na mga makina sa pagboto
- Mga kagamitang pangmarka sa balota
- Mga Pamalit na Balota/Drop Box ng Balota
- Mga materyal sa halalan at tulong sa wika
- Pagpaparehistro ng botante

Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo:



- Para sa pagpapalit ng Balota, tumawag sa (408) 299-VOTE (8683) o walang bayad sa (866) 430-VOTE (8683)
- Pagkatapos kumpletuhin ang iyong Balota, ilagay ang iyong binotohang Balota sa iyong sobre para sa pagbabalik, kumpletuhin ang sobre at **IPIRMA** ang iyong pangalan sa tabi ng pulang "X" upang maisama sa pagbilang ang iyong balota

Ang iyong binotohang balota ay DAPAT ibalik bago lumampas ang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan O natatakan ng koreo sa o bago ang araw ng halalan at natanggap nang hindi lalampas sa 7 araw pagkaraan ng Araw ng Halalan.
Maagang ihatid o ipadala sa pamamagitan ng koreo ang iyong balota, upang ito ay mapasama sa unang mga Resulta sa Gabi ng Halalan!

Mga Opsyon sa Pagbabalik:

- ✓ Ipadala sa koreo ang iyong balota. **Hindi kinakailangan ng selyo**
- ✓ Ibalik sa isang **Drop Box ng Opisyal na Balota**
- ✓ Ibalik sa isang **Sentro ng Pagboto**
- ✓ Maaari kang magbigay ng nakasulat na pahintulot sa ibang tao upang ibalik ang Balota